8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 2

Aralin 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 2: Aralin 8 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Angelita F. Aquino (Vicente P. Trinidad National High School)

**Tagasuri:**
- Noel A. Ybañez

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**VALUES EDUCATION / KUWARTER 2 / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa paggunita ng pamilya sa mga makasaysayang pagdiriwang. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang sariling mga paraan ng paggunita ng pamilyang kinabibilangan sa mga makasaysayang pagdiriwang ayon sa kanilang kakayahan upang malinang ang nasyonalismo. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Nakapagsasanay sa nasyonalismo sa pamamagitan ng paghahalaw ng mga *virtue* na ipinakita ng mga bayani at nasasalamin sa mga makasaysayang pagdiriwang<br>c. Nailalapat ang sariling mga paraan ng paggunita ng pamilyang kinabibilangan sa mga makasaysayang pagdiriwang ayon sa kanilang kakayahan. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)** | ***Nasyonalismo (Nationalism)*** |
| **E. Nilalaman** | Paggunita ng Pamilya sa mga Makasaysayang Pagdiriwang |
| **F. Integrasyon** | Mga piling batas o proklamasyon tungkol sa mga makasaysayang pagdiriwang |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


15374745 - Online Store. (n.d.). https://maboloveet.live/product_details/15374745.html

Ang pagdiriwang Independence Day of the Philippines. (n.d.). blog.mabuhaytravel.uk. Retrieved May 13, 2024, from https://blog.mabuhaytravel.uk/ang-pagdiriwang-ng-independence-day-of-the-philippines/

Ano ang Ekonomiya? Kahulugan at Halimbawa. (2023, September 23). Sanaysay Philippines. https://www.sanaysay.ph/ano-ang-ekonomiya/#google_vignette

Ano ang epekto ng lumalaking Chinese POGO operations sa bansa? (2020, March 3). GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/bawalangpasaway/728162/ano-ang-epekto-ng-lumalaking-chinese-pogo-operations-sa-bansa/story/

Ano ang kahulugan ng lipunan? | Panitikan.com.ph. (2021, September 12). Panitikan.com.ph. https://www.panitikan.com.ph/ano-ang-kahulugan-ng-lipunan#google_vignette

Ano nga ba ang POGO? (n.d.). Retrieved May 24, 2024, from https://www.facebook.com/wheninrizal/photos/opinyongrizale%C3%B1oano-nga-ba-ang-pogo-o-philippine-offshore-gaming-operators-sila-/665359650976649/

Bourget, A. (2019, February 6). Paano mas maging aktibo sa pag-aaral ng iyong anak. SBS Language. https://www.sbs.com.au/language/filipino/fil/article/how-to-get-involved-with-your-childrens-school/24ntm4ui0

Creating Meaningful Moments: Starting a Family Prayer Time. (n.d.). https://www.raisingkingdomimpacters.com/blog/Creating%20Meaningful%20Moments:%20Starting%20a%20Family%20Prayer%20Time

Expert, S. J. L. S. S. S. (2024, January 10). How to Teach Kids the Importance of Using a Recycling Bin? | Medium. Medium. https://medium.com/@sohrabjam/how-to-teach-kids-the-importance-of-using-a-recycling-bin-2671b9fc3eae

Father. (n.d.). banner2.cleanpng.com. Retrieved May 13, 2024, from https://banner2.cleanpng.com/20180218/vee/kisspng-father-mother-cartoon-clip-art-overwhelmed-dad-cliparts-5a8974ab55ad20.8892375815189577393509.jpg

Free Vector | A young brunette boy. (2019, May 28). Freepik. https://www.freepik.com/free-vector/young-brunette-boy_4607735.htm#page=2&query=cartoon%20kid&position=22&from_view=keyword&track=ais_user&uuid=53553af5-1ab4-482b-8d85-52e2cdb6016a

Free Vector | One happy girl in pink shirt. (2021, October 1). Freepik. https://www.freepik.com/free-vector/one-happy-girl-pink-shirt_19023161.htm#page=4&query=cartoon%20kid%20girl&position=16&from_view=keyword&track=ais_user&uuid=c33a9447-e32b-4cb1-b169-32d0b8452468https://clipart-library.com/clipart/cartoon-mom-cliparts-25.htm

Garcia, G. (2024, March 4). Pangulong Marcos: Karapatan ng Pinas sa West Philippine Sea ilalaban! Philstar.com. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2024/03/05/2338131/pangulong-marcos-karapatan-ng-pinas-sa-west-philippine-sea-ilalaban

Great win Manny Pacquiao, now retire please. (n.d.). Max Boxing. https://www.maxboxing.com/news/sub-lead/great-win-manny-pacquiao-now-retire-please

Hurisdiksyon: Monolingual Tagalog definition of the word hurisdiksyon. (n.d.). TagalogDotCom. https://www.tagalog.com/monolingual-dictionary/hurisdiksyon#google_vignette

Ika 114-th na Araw ng Kalayaan ng Pilipinas. (n.d.). https://takboprintipe.wordpress.com. Retrieved May 10, 2024, from https://takboprintipe.wordpress.com/2012/06/12/maligayang-ika-114th-na-araw-ng-kalayaan-pilipinas/

Karera ng buhay: Tagumpay ni Erwin Mancao | Department of Education. (2019, May 3). https://www.deped.gov.ph/2019/05/03/karera-ng-buhay-tagumpay-ni-erwin-mancao/Log in or sign up to view. (n.d.). https://www.facebook.com/UnoFactoryOutlet/photos/a.720577501382152/1029495423823690/?type=3

Premium Photo | Illustration of a man and woman illustration of a grandfather and grandmother. (2024, February 4). Freepik. https://www.freepik.com/premium-ai-image/illustration-man-woman-illustration-grandfather-grandmother_139291904.htm#query=grandparents%20cartoon&position=14&from_view=keyword&track=ais_user&uuid=5c49930a-d1da-4ac1-b535-fc085a6aec6c

Soberanya ng Pilipinas. (2015, August 25). SlideShare. https://www.slideshare.net/slideshow/soberanya-ng-pilipinas/52038341

Talambuhay. (2023, November 11). Talambuhay ni Hidilyn Diaz (Buod) - Talambuhay.Net. Talambuhay.Net. https://talambuhay.net/talambuhay-ni-hidilyn-diaz-buod/

Tomacruz, S. (2022, February 24). In 1986, the Philippines' People Power was world's bright spot. RAPPLER. https://www.rappler.com/newsbreak/iq/people-power-philippines-world-bright-spot-1986/

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br>1. Maikling Balik-aral (mula sa nakaraang aralin)<br>Panuto: Basahin ang pangungusap at isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.<br>1. Ito ay isang konsepto na naglalayong ipahayag at itaguyod ang pagmamahal at pagpapahalaga sa sariling bansa. alin sa mga salita ang may ganitong kahulugan?<br>A. Birtud<br>B. Kalayaan<br>C. Nasyonalismo<br>D. Pagdiriwang<br>2. Anong batas ang pormal na nagtakda sa Hunyo 12 ng bawat taon bilang petsa ng Kalayaan ng Pilipinas?<br>A. Batas Republika bilang 6641 taong 1965<br>B. Batas Republika bilang 4166 taong 1964<br>C. Proklamasyon bilang 1041, s. 1997<br>D. Proklamasyon bilang 514, s. 2024<br>3. Sinong bayani ang kinikilala bilang utak ng Katipunan?<br>A. Andres Bonifacio<br>B. Antonio Luna<br>C. Emilio Jacinto<br>D. Jose Rizal<br>4. Paano mo ipagpapatuloy ang diwa ng kabayanihang ipinamana sa iyo ng mga dakilang Pilipino?<br>A. pagbabahagi ng buhay mga bayani sa kapwa ko kabataan<br>B. Pagsasaulo ng mga petsa ng mga makasaysayang pagdiriwan sa Pilipinas<br>C. pagtupad sa lahat ng aking tungkulin sa sarili, pamilya at pamayanan<br>D. pagtangilik sa produktong gawa sa bansa<br><br>5. Paano maipapakita ng isang kabataan ang Nasyonalismo?<br>A. Pagsunod sa batas<br>B. Pakikipagkaibigan</td><td>Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito<br><br>Tamang Sagot:<br>1. C<br>2. B<br>3. C<br>4. D<br>5. A</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | C. Pagtulog ng maaga<br>D. Pagpapaunlad ng talento | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain 1: Nasyonalismo sa Pamilyang Pilipino (25 minuto)**<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Pagtapat- tapatin**<br>**Panuto:** Tukuyin ang tamang kahulugan ng bawat salita. Pagtapat-tapatin ang kahulugan sa hanay A sa salita sa hanay B<br>**A** **B**<br>_____1. ang kapangyarihan at lugar kung saan may awtoridad ang isang hukuman, ahensya, o institusyon na magpasiya at magpatupad ng batas sa tiyak na mga tao o isyu. bago at pagkatapos siyang ipako sa krus — Soberanya<br><br>_____2. atletikong gawain na nangangailangan ng kasanayan, kakayahan, at pisikal na lakas, karaniwan sa kalagayang pakikipagtunggali, gaya ng beysbol, wrestling, karera, at iba pa — Ekonomiya<br><br>_____3. Ang pagkakaroon ng isang bansa ng kapangyarihan, makapagsarili at pamahalaan ang buo nitong nasasakupan bago sumapit ang araw ng pasko — Hurisdiksiyon<br><br>_____4. tumutukoy sa paraan ng pamamahala at paggamit ng limitadong yaman o resources upang matugunan ang pangangailangan at kagustuhan ng tao.Senakulo — Lipunan<br><br>_____5. tumutukoy sa pangkat ng mga tao na nagkakaugnay dahil sa ibinibigay na katangian — Palakasan | **Gawain 1:** Tingnan ang Sagutang Papel ng Pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.<br>Maglalaan ng 25 minuto para sa gawaing ito.<br>Maaaring magdagdag ang mag-aaral ng mga gawaing isinasagawa nila ng kanyang pamilya ng sama-sama.<br>Ipaliliwanag ng guro ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa pamilya. Mahalaga ang pagkakaroon ng *bonding* kasama ang pamilya. Hindi kailangang gumastos ng malaki. Ang simpleng pagtatanim, paglilinis ng bahay, pagkain ng sabay-sabay pagdarasal at paggawa ng assignment kasama ang kasapi ng pamilya ay mabisa nang paraan upang mabuklod ang pamilya.<br>Ang mga gawain, na akala mo ay simpleng *family bonding* ay nakakatulong na pala sa pagsusulong ng Nasyonalismo sa bansa. |

| | | |
|---|---|---|
| | sa kanila at ang pagsasama-sama ng kanilang mga kultura at tradisyon. | *Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda na:*<br>• *maghanap ang guro ng mga larawan na tumutukoy sa mga gawaing pampamilya (family bonding).*<br><br>Sagot:<br>1. Hurisdiksiyon<br>2. Palakasan<br>3. Soberanya<br>4. Ekonomiya<br>5. Lipunan |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Pagsasanay ng Sariling mga Paraan ng Paggunita sa mga Makasaysayang Pagdiriwang Kasama ang Pamilya**<br>**1. Pagproseso ng Pag unawa**<br>Ang pamilya ay ang pangunahing yunit ng lipunan. Dito nag-uugat ang katangian at pagpapahalaga ng isang indibidwal. Sa pamilya sumisibol ang kaganapan ng isang tao na tutukoy sa kanyang magiging mahalagang papel sa lipunan sa hinaharap. Mahalagang masaksihan ng mga anak ang aktibong pakikilahok ng mga magulang sa mga gawaing panlipunan. Dahil dito, nahuhubog ang kamalayan ng mga anak sa mga isyung nagaganap sa lipunan at nahihinuha ang tungkuling dapat isabuhay.<br><br>Tuwing Hunyo 12, isang mahalagang pagdiriwang sa Pilipinas ang paggunita ng sambayanang Pilipino sa *Independence Day of the Philippines* o ang Araw ng Kalayaan ng Pilipinas. Ito ay bilang paggunita sa pagtatapos ng pananakop ng Espanya sa Pilipinas noong Hunyo 12 1898. Ito ay taunang selebrasyon ng bansa bilang pagpapahalaga sa mga nabuwis na buhay ng mga Pilipino para makamit ang Kalayaan ng bansa. | |

Ito ay kadalasang ginugunita ng mga opisyal ng gobyerno, empleyado, at mga mag-aaral, na nakikilahok sa mga parada sa buong bansa kasama ang mga iba pang mamayan. Gayunpaman, ang pangunahing *highlight* ay ang parada ng pulisya at militar sa Maynila na pinamumunuan ng incumbent president ng bansa, na sinundan ng pag-awit sa Lupang Hinirang, ang pambansang awit ng bansa, at isang talumpati na karaniwang isinasagawa sa Rizal Park, Manila at *21-gun salute*. (Ang Pagdiriwang Independence Day of the Philippines, n.d.) Hindi ba na mas magiging makabuluhan ito kung aktibo ring makikilahok ang bawat pamilyang Pilipino?

Ang mga makasaysayang pangyayari sa ating bansa ay hindi natatapos. Ang mga pangyayaring nagaganap sa araw- araw ay dumaragdag sa makabuluhang kasaysayan ng ating bansa. Ang ilan dito ay mga isyung mainit na napag-uusapan sa kasalukuyan katulad ng usapin tungkol sa Kanlurang Karagatan ng Pilipinas (*West Philippine Sea)* o kaya naman ay ang Chinese Pogo na maaaring maging banta sa pang ekonomikong aspekto ng bansa.

Ang usaping tungkol sa *West Philippine Sea* ay sa pagitan ng Pilipinas at Tsina. Ang ipinaglalaban ng Pilipinas ay ang pagpapanumbalik ng panteritoryong soberanya o ang pagmamay-ari sa mga likas na katangiang tulad ng mga isla at ang mga yaman nito. Ggayundin ang hurisdiksiyon sa karagatan o ang karapatang pandagat na itinakda ng United Nations Convention on the Law of the Seas (UNCLOS) na hindi naman isinasaalang-alang ng bansang Tsina. Ayon sa Pilipino Star Ngayon, nagbabala ang Pangulong Ferdinand “Bongbong” Marcos na lalaban na ang Pilipinas sa Tsina kapag patuloy nitong binabalewala ang karapatan ng bansa sa *West Philippine Sea*. (Garcia, 2024) Ang usaping ito ay nakatatak na sa kasaysayan ng ating bansa dahil ang laban na ito ay hindi lamang para sa iisang tao kundi sa buong sambayanang Pilipino.

Isa pang mahalagang isyu ng Pilipinas na kasangkot ang Tsina ay tungkol sa Chinese Pogo (Philippine Offshore Gaming Operators). Ito ay mga *online gambling firms* na itinayo dito sa Pilipinas pero ang mga *customer* nila ay nasa ibang bansa. (Ano Nga Ba Ang POGO?, n.d.)

Noong 2016, naglabas ang Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) ng mga regulasyon ukol sa POGO upang mabantayan ang paglaganap ng mga *online gaming pie* na kadalasang nagmumula sa Tsina. Dahil itinuturing na ilegal sa kanilang bansa ang anumang uri ng sugal, ang tanging solusyon para matugunan pa rin nila ang kagustuhang makapagsugal ay gawin ito sa mga barko o hindi kaya ay sa ibang bansa. At sa pagkakataong ito, Pilipinas ang isa sa mga tumangkilik nito dahil hindi na rin bago ang sigla nito pagdating sa *casino* magmula noon. (Soberanya Ng Pilipinas, 2015)

Dumami umano ang bilang ng mga ilegal Chinese worker na nasa bansa dahil dito ay mababawasan ang Pilipinong may trabaho. Nariyan rin ang malalaking isyu tulad ng hindi pagbabayad ng buwis ng mga POGO. Ang mga pangyayaring ito ay tiyak na makaaapekto sa pang-ekonomikong sitwasyon ng bansa.
Napag-uusapan ba ninyo ang mga isyung ito sa loob ng inyong tahanan? Ano ang pananaw ng ilang kasapi ng iyong pamilya tungkol dito? Ano ang maaaring maging partisipasyon ng ordinaryong Pamilyang Pilipino sa pagresolba ng mga isyung nabanggit?

Dumako naman tayo sa ilang masasayang kaganapan sa Pilipinas, naalala nyo pa ba si Hidilyn Diaz? Siya ay kampeon sa Women's 55-kilogram weightlifting noong 2020 Tokyo Olympics at ang kauna-unahang atleta na nagwagi ng gintong medalya sa ganoong kategorya. Ang huling gintong medalya na nakamit ng Pilipinas mula sa Olympics ay noon pang 1924 kung kaya't ang pagkapanalong ito ni Hidilyn ay nakasama na sa hindi makakalimutang kasaysayan ng Pilipinas.
Ang Pilipinas ay nagdaraos taun-taon ng Palarong Pambansa. Ito ay bahagi na taunang programa ng bansa. Bagamat ito ay pansamantalang nahinto dahil sa pandemya, ito ay nagbalik noong 2023. Isa itong pagkakataon para sa kabataang katulad mo na paunlarin ang hilig sa isports at makilahok sa iba't ibang kategorya ng palakasan. Hinuhubog nito ang galing ng mga atletang kabataan na kakatawan sa mga darating na internasyonal na kompetisyon sa palakasan katulad ng *Southeast Asian Games* at *Olympics*. Katulad ni Hidilyn, hindi madaling makamit ang medalya sa isports. Ang mga pagsasanay ay pinaghihirapan at pinagbubuhusan ng lakas at panahon ng mga atleta, Isa sa mga naging produkto ng Palarong Pambansa ay si Erwin Mancao na naging

| | | |
|---|---|---|
| | kampeon noong 2018 sa 5,000-meter run na naganap sa Vigan City, Ilocos Sur. Ang kanyang determinasyon ay nagpatuloy. Sumali siya sa Philippine National Games (PNG) at naging kinatawan ng Pilipinas sa larangan ng athletics sa ginanap na ASEAN School Games (ASG), kung saan nasungkit niya ang silver medal sa 1,500-meter run. Ngayon ay nagbunga na ang lahat ng hirap at sakripisyong kanyang pinagdaanan, makapagbigay lamang ng karangalan sa bansang sinilangan. (Karera Ng Buhay: Tagumpay Ni Erwin Mancao \| Department of Education, 2019). Ang tagumpay sa palakasan na naibahagi naman nina Manny Pacquiao sa larangan ng boksing at Efren "bata" Reyes sa billiards ay karangalang nakaukit na sa kasaysayan ng Pilipinas at nakapagbigay dangal ng bawat Pilipino.<br><br>Ang pagtangkilik sa sariling kultura at sining ay isang mahalaga ring pagdiriwang na nagpapalakas sa ekonomiya ng bansa. Ang pagtangkilik sa sariling produkto na gawa sa mga lokal na materyakes at nagmula sa mga orihinal na disenyo ng mga katutubong Pilipino ay isang sa mag inaasahang tungkulin ng bawat mamamayang Pilipino. Sa Ikatlong linggo ng Setyembre ay ipinagdiriwang ang taunang "Linggo ng Katutubong Kasuotan" sa ilalim ng "Proklamasyon Bilang 241, serye 1993." Ang pagtangkilik sa ating sariling produkto ay isang paraan ng pagpapakita ng Nasyonalismo dahil ang pagbibigay prayoridad at suporta sa lokal na industriya ay pagpapakita ng pagpapahalaga sa talento ng kapuwa Pilipino at pagtangilik sa likas yaman ng bayan.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain 2: Gampanin ng Pamilya (40 minuto)**<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 3: Makasaysayang Pagdiriwang (25 minuto)** | **Gawain 2:** Tingnan ang Sagutang Papel ng Pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.<br>Maglalaan ng limang minuto para masagutan ang mga tanong at makapagbahagi ng ideya ang mga mag-aaral.<br>Ang *link* para sa mga larawan ay makikita sa Batayang Sanggunian sa Pagkatuto.<br><br>*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda na:*<br>• *Maaaring maghanap ang guro ng mga larawan ng mga kasapi ng pamilya*<br><br>**Gawain 3:** Tingnan ang Sagutang Papel ng Pagkatuto para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.<br>Maaaring maglaan ng 40 minuto para sa gawaing ito<br>Paalala sa guro:<br>Bigyan ng pansin ang ilang mahahalagang aspekto tulad ng relihiyon o kaya ay pinanggalingang kultura (indigenous people) ng mga mag-aaral. Maaari kasing hindi |

| | | |
|---|---|---|
| | | nila idinaraos ang ilan sa mga pagdiriwang na nasa larawan. Bigyan sila ng kalayaang ilagay ang kanilang natatanging pagdiriwang kung mayroon man.<br><br>*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda na:*<br>• *maghanap ang guro ng mga larawan na tinutukoy ang mga espesyal na pagdiriwang* |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>Ano ang mahahalagang aral o pagpapahalaga ang natutunan mo mula sa araling ito patungkol sa sarili, pamilya, at makasaysayang pagdiriwang? Isulat ito sa loob ng kahon.<br><br>SARILI<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>PAMILYA<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>MAKASAYSAYANG PAGDIRIWANG<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Bakit mahalagang gunitain ang makasaysayang pagdiriwang sa Pilipinas kasama ang pamilya? | |

| | | |
|---|---|---|
| | ______________________________<br>______________________________ | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**I. Panuto:** Kompletuhin ang pangungusap sa pamamagitan ng paglalagay ng tamang sagot sa patlang. Piliin ang tamang sagot na nasa loob ng kahon<br><br>Hurisdiksiyon · Pamilya · Hunyo 12, 1898 · Weightlifting<br>Malacanan · Katutubong Kasuotan · Swimming · Hulyo 4, 1898<br><br>1. Magiging mas makabuluhan ang paggunita ng makasaysayang pagdiriwang kung kasama natin ang ______________.<br>2. Bukod sa soberanya, ang ______________ sa karagatan ay inaasam din ng Pilipinas na muling maibalik sa bayan<br>3. Si Hidilyn Diaz ang kauna-unahang atleta na nagwagi ng gintong medalya sa kategorya ______________<br>4. Ang Linggo ng ___________ ay ipinagdiriwang sa ilalim ng Proklamasyon Bilang 241, serye 1993<br>5. Natapos ang pananakop ng Kastila sa Pilipinas noong ____________.<br><br>II. Repleksiyon: Bilang kabataan, paano mo maisasabuhay ang tapat na pagmamahal sa bayan?<br>______________________________<br>______________________________<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Isabuhay ang pagmamahal sa bayan. Gumawa ng isang makabuluhang gawain sa paaralan na maaaring kumatawan dito. Humingi ng tulong sa kaklase upang ikaw ay makuhaan ng larawan. Idikit ang larawan sa kuwaderno at lagyan ng paliwanag kung bakit ito ang napili mong paraan ng pagmamahal sa bayan. | Sagot:<br><br>1. Pamilya<br><br>2. Hurisdiksiyon<br><br>3. Weightlifting<br><br>4. Katutubong Kasuotan<br><br>5. Hunyo 12, 1898 |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br><br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | - ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |